

****Ang Promotion na Espesyal na FX + 0 Fee sa Transfer sa** **Pilipinas****

****Mga Tuntunin at Kundisyon:****

- Para maging kwalipikado para sa promotion na Espesyal na FX + 0 Fee sa Transfer ("Promotion") sa Pilipinas, dapat kang mag-sign up para sa Remitly sa pamamagitan ng landing page ng Remitly na branded ng espesyal na FX rate at matagumpay na kumpletuhin ang iyong unang transfer sa Pilipinas sa Panahon ng Promotion (ang "kwalipikadong transfer") .

- Para maituring na "matagumpay na nakumpleto" ang isang transfer, ang transfer ay dapat naideposito sa bank account o mobile wallet ng gusto mong recipient, maayos na naihatid sa recipient, at/o na-pick up ng recipient ang perang ipinadala sa isa sa aming mga partner na lokasyon (depende sa sitwasyon). Hindi itinuturing na mga "matagumpay" na transaksyon ang mga transaksyong posibleng humantong sa pagtanggì sa bayad o chargeback.

- **Available ang Promotion para sa mga bagong customer lang at limitado ito sa isa (1) kada tao. Hindi kwalipikado sa Promotion na ito ang mga kasalukuyang customer.]**

- Sa pamamagitan ng Promotion, magagawa ng mga kwalipikadong customer na: (i) gumawa ng isang (1) transfer nang walang fee sa transaksyon ; at (ii) gumawa ng isang (1) transfer na hanggang \$1500 (ang "Limit ng Promotion") sa Pilipinas gamit ang espesyal na foreign exchange rate (ang "Espesyal na FX Rate") na naka-publish sa landing page o mobile application ng Remitly na branded ng Espesyal na FX na naka-link sa Mga Tuntunin at Kundisyon na ito, dahil na-publish ang rate na iyon noong panahong isinumite mo ang kwalipikadong transfer.

- Mga Kundisyon sa 0 na Fee sa Transfer. Ang 0 fee sa transfer ay direktang ilalapat sa iyong unang matagumpay na nakumpletong transaksyon. Hindi nalalapat ang 0 fee sa (mga) transfer sa mga transaksyong ginawa gamit ang mga credit card.

- Mga Kundisyon ng Espesyal na FX Rate. Ang Espesyal na FX Rate ay ilalapat ng Remitly nang direkta sa iyong unang kwalipikadong transfer hanggang sa Limit ng Promotion. Kung magpapadala ka nang mas mababa sa Limit ng Promotion, hindi ilalapat ang Espesyal na FX rate sa mga susunod na transfer. Ang mga halagang ipinadala na lampas sa Limit ng Promotion ay ipapadala gamit ang foreign exchange rate na karaniwang nalalapat sa serbisyong pinili mo noong panahong ginawa mo ang transaksyon mo.

- Maaaring magbago paminsan-minsan ang lahat ng FX rate ayon sa pagpapasya ng Remitly.

- Walang monetaryong halaga at hindi maaaring i-transfer ang Promotion na ito.

- Magsisimula ang "Panahon ng Promotion" sa ika- $\text{Ioúv\tau\omicron\varsigma}$ 26 η 2025 nang 12:00 PM Pacific Standard Time at magtatapos ito nang 11:59 MM Pacific Standard

Time sa ika-Δεκέμβριος 31η 2026. Ang server ng Remitly ang opisyal na orasan para sa Promotion. Puwedeng magbago ang lahat ng petsa. Ang mga transfer na isinumite bago o pagkalipas ng Panahon ng Promotion ay hindi magiging kwalipikado sa Promotion na ito.

- Nakalaan sa Remitly ang karapatang (a) limitahan ang bilang ng mga indibidwal kada sambahayan na kwalipikado sa Promotion na ito; at (b) diskwalipikahin ang mga transfer na sa tingin nito ay naglalayong lusutan ang mga patakaran ng Promotion, o na itinuturing na mapang-abuso. Ang anumang pagtatangka ng customer na abusuhin ang Promotion na ito sa pamamagitan ng paggamit ng marami/iba't ibang pagkakakilanlan, impormasyon sa pagpaparehistro, kredensyal sa pag-log in, at/o anumang paraan ay magreresulta sa kawalan ng kakayahan at diskwalipikasyon ng customer na matanggap ang Promotion ayon sa sariling pagpapasya ng Remitly (na makatwirang kumikilos).

- Kung nararapat kang makatanggap ng anumang refund, wala kang karapatang makatanggap ng anumang halagang mas malaki sa halagang ibinayad mo para magawa ang money transfer.

- Kung pipiliin mong lumahok sa Promotion na ito, hindi ka magiging kwalipikadong lumahok sa iba pang promotion na maaaring patakbuin ng Remitly at kung saan maaari kang maging kwalipikado. Pinal na ang pagpapasya mong lumahok sa Promotion na ito.

- Hindi ka magiging kwalipikado para sa Promotion na ito kapag kinansela ang o hindi sapat ang pagpopondo sa iyong transfer. Hindi magiging valid ang Promotion na ito para sa anumang transfer na kinansela mo o ng Remitly.

- Hindi ka maaaring lumahok sa Promotion kung ipinagbabawal ito ng anumang naaangkop na batas, kautusan, o regulasyon.

- Nakalaan sa Remitly ang karapatang ipawalang-bisa ang anumang pag-redeem sa alok na mukhang mapanloko, nagreresulta mula sa mapanlokong transaksyon, o hindi sumusunod sa [Kasunduan sa User ng Remitly](<https://www.remitly.com/us/en/home/agreement>).

- Nakalaan sa Remitly ang karapatang kanselahin ang Promotion anumang oras, nang may paunang abiso o wala. Kikilalanin ang anumang kwalipikadong transfer kung sinimulan ito bago ang pagkansela ng Promotion.

- Napapailalim sa [Patakaran sa Pagkapribado ng Remitly](<https://www.remitly.com/us/tl/home/policy>) ang lahat ng impormasyong kinolekta sa iyo bilang bahagi ng Promotion.

- Ang iyong paglahok sa Promotion ay saklaw rin ng at napapailalim din sa mga tuntunin ng [Kasunduan sa User ng Remitly](<https://www.remitly.com/us/en/home/agreement>) at sa iba pang tuntunin at abiso na ginawang available sa aming serbisyo.

- Kung at hangga't may kontrahan o salungatan sa pagitan ng mga dokumentong binanggit sa itaas at ng mga tuntuning ito, ang mga tuntuning ito ang mangingibabaw hangga't mayroong anumang naturang kontrahan o salungatan.

- May iba pang fee at gastusin na maaaring malapat sa iyong money transfer at

inirerekomenda naming suriin mo ang mga ito sa pamamagitan ng aming serbisyo at [Kasunduan sa User](<https://www.remitly.com/us/en/home/agreement>).

- Kasama sa panganib ng paggamit sa aming mga serbisyo ang pag-iiba-iba ng halaga ng mga currency na tinutukoy ng mga international na market ng pananalapi at hindi namin kontrolado. Ibig sabihin, kapag nagbayad ka sa Remitly para magpadala ng pera sa ibang currency sa isang recipient, ang halaga ng pera na maaari mong ibayad para makagawa ng money transfer sa isang araw ay posibleng iba sa halagang kailangan mo para magawa ang parehong pagbabayad sa ibang araw.

- Ang Promotion na ito ay ibinibigay at pinapatakbo ng Remitly, Inc ("Remitly") at iniaalok lang sa mga residente ng United States of America. Ang Remitly, Inc. ay nilisensyahan bilang Money Transmitter ng New York State Department of Financial Services, bilang Foreign Transmittal Agency ng Massachusetts Division of Banks, at NILISENSYAHAN NG GEORGIA DEPARTMENT OF BANKING AND FINANCE. NMLS No. 1028236.